# SA MAKABAGONG PAMAMARAAN NG PAGKATUTO, ANG GURO AY UUBRA

*by:*
**Maria Cecilia R. Cabrera**
*Master Teacher I, San Benito Elementary School*

Tunay na napakabilis ng panahon sapagkat muli na namang nagbukas ang mga paaralan upang pasimulan ang panibagong taon para sa mga mag-aaral. At napakagandang pagmasdan ng mga mag-aral na tuwang tuwa at ganyak na ganyak sa pagtungo sa kani-kanilang mga silid-aralan.

Ito ang ilan lamang sa mga bagay at dahilan kung bakit pinagsikapang mabuti ng Kagawaran ng Edukasyon ang mapanumbalik ang in-person o ang tinatawag na face-to-face ng paraan ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Tila isang napakalaking tagumapy nito hindi lamang sa kagawaran kundi sa buong bansa na syang naglalarawan din kung gaano kahanda at katatag ang bawat Pilipino. Sa panunumbalik ng pagbubukas ng mga silid-aralan, ito ay muling nagbigay inspirasyon at hiwatig na sakabila ng unos, may dahilan pa rin upang bumangon at magtagumpay.

Sakabila ng unti-unting panunumbalik ng sigla sa mga paaralan, ay ang reyalidad ng hamon para sa mga guro. Hamong nagbibigay sakanila ng inspirasyong patuloy na paunlarin ang sariling kakayahan at patuloy na ipanday ang paghahatid ng kalidad na edukasyon sa mga mag-aaral sakabila ng makabagong sistema.

Base sa inilabas na artikulo ng smartparenting.com.ph, isinaad nila ang iba't ibang makabagong sistema ng edukasyon sa gitna ng pandemya. Kabilang ang online learning o distance learning sa ipinatupad na blended learning approach ng Department of Education (DepEd) na sinimulan noong School 2020-2021 dahil ipinagbawal

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

pansamantala ang face-to-face classes na patuloy namang ipinatutupad sa ilang mga lugar dahil pa rin sa banata ng pandemya.

Sa ganitong pamamaraan, nagtuturo ang teacher sa kanyang mga estudyante sa pamamagitan ng iba-ibang platform, tulad ng online portals, radio, television, at printed o di kaya digital learning materials na syang pinakamabisa upang magkaroon kahit kaunting interaksyon ang mga mag-aaral saknilang mga guro.

Gaya na lamang sa maraming paaralan, ibinibigay ng school representatives ang printed learning materials sa magulang o tagapag-alaga ng mga estudyante. Ilan ito sa makabagong sistema ng edukasyon ngayong panahon ng "new normal".

Bago at kakaiba ang mga ito sa karanasan ng maraming guro, lalo't higit ang mga gurong bumilang na ng mahabang panahon sa kanilang pagtuturo. Ngunit hindi ito naging hadlang para sakanila upang patuloy na tugunan at tuparin ang sinumpaang propesyon.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa makabagong pamamaraan ng pagtuturo sa iba't ibang asignatgura, nariyang yakapin ng mga guro ang anumang pagkakataon upang makadaslo lamang sa mga seminar, makalahok sa mga workshop, at mas matuto pa ng iba pang pamamaraan ng pagtuturo.

Halos lahat ng mga guro ay sumasabay sa mabilis nap ag usad ng panahon. Sumasabay sa pagyakap ng responsibilidad, at makabagong pangangailangan ng mga mag-aaral.

Kaya naman, hindi maikakaila na sa makabagong pamamaraan ng opagkatuto ng mga mag-aaral ngayong nasa gitna pa rin ng hamon ng pandemya, ang mga guro ay hindi pahuhuli at patuloy pa rin silang uubra.

*References:*

https://www.mendeley.com/catalogue/73a0a0cb-b199-30ff-978f-d36685834021/

https://www.thoughtco.com/characteristics-of-a-21st-century-teacher-2081448

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan